# SKYPE 101
# Para sa mga Senior

# SKYPE PARA MGA SENIOR

**Ang Skype video calls ay nagpapadali sa hanggang 50 katao na magkita at magtulungan nang sabay-sabay. Libre ito para sa local at international Skype-to-Skype calls at video conferencing.**

**Narito ang detalyadong gabay sa kung paano i-download, gamitin at i-navigate ang Skype.**

# HAKBANG 1

## I-download ang Skype

Depende sa device na plano ninyong gamitin, kailangan ninyong i-download ang partikular na bersyon ng Skype. Para sa mga senior, inirerekumendang i-set up sa iPad, Android tablet  o computer  ang Skype, dahil ang mga cellphone ay maliliit at maaaring hindi kasinlakas ang tunog sa ibang mga device.


Tandaan: Kapag pinili ang inyong device, siguruhin na ito ay may video at microphone capabilities.

Para i-download para sa inyong:

**Laptop/Desktop Computer**
Mag-click sa isa sa mga link:

- Skype para sa Windows
- Skype para sa Mac

Piliin ang computer system na ginagamit niyo mula sa drop down na talaan.




# SKYPE PARA MGA SENIOR

Para i-download sa inyong:

**Cellphone**
(Android at iPhone)
Mag-click sa link na ito:
Skype para sa Cellphone

Piliin ang app store ayon sa uri ng mobile system na meron kayo: gumagamit ang Android ng Google Play, ang iPhone ay gumagamit ng App Store.





**Tablet**
(iPad at Android)
Mag-click sa link na ito:
Skype para sa Tablet


Piliin ang uri ng tablet system na meron kayo mula sa talaan na drop down.



# HAKBANG 2

## Gumawa ng Libreng Account para sa Skype




Kapag idinownload ang app sa inyong device panahon na para likhain ang inyong account. Para gumawa ng bagong account para sa Skype, mag-click sa link na ito: Gumawa ng libreng account

Pwede kayong mag-sign up para sa isang Skype account gamit ang isang email address o numero ng telepono. Kung wala kayong email address ngunit gustong magkaroon nito, mag-click sa "Get a new email address" (Gumawa ng bagong email address) at sundin ang mga hakbang. Kung hindi, piliin ang opsyon ng numero ng telepono.

Ang susunod na mga screen ay magsasabi sa inyo na ilagay ang personal na impormasyon tulad ng edad, pangalan at lugar. Ilagay ang impormasyon at magpatuloy sa pag-click.

Ang pagpili ng password na pribado at walang kapareho ay mahalaga. Tiyakin na piliin ang isang bagay na hindi madaling hulaan.

Minsan ang Skype software ay susubok sa user para matiyak na naiset-up ang tunay na account. Para gawin ito, maaaring ipapa-type nila sa inyo ang isang salita na makikita sa screen

O piliin ang isang larawan. Tinatawag ito na CAPTCHA at kailangang kumpletuhin. Kung hinihingan ng CAPTCHA code, ilagay ito, at i-click ang "Create Account" (Gumawa ng Account).

Meron na kayo ngayong gumaganang Skype account.


Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkapribado at mga feature ng security sa site, pakibisita rito.

https://support.skype.com/en/skype/all/privacy-security/privacy-settings/

Sr


# HAKBANG 3

## Mag-sign in sa Skype










Pwede kayong mag-sign in sa Skype gamit ang pangalan  sa Skype na pinili niyo para sa sarili ninyo, inyong email, o inyong numero ng telepono (depende sa kung paano kayo mag-register para sa account), email o telepono.

Kung meron na kayong Skype o Microsoft account:

1 Buksan ang Skype at mag-click sa pangalan sa Skype, email o telepono.

2 Ilagay ang inyong pangalan sa skype, email o telepono at pindutin ang“Next” (Susunod).

3 Ilagay ang inyong password at piliin ang arrow para magpatuloy. Naka-sign in na kayo ngayon sa Skype.

**Tandaan:** Kapag naka-sign in na kayo, tatandaan ng Skype ang inyong impormasyon sa pag-sign in kapag isinara ninyo ang Skype o mag-sign out at pipiliing tandaan ang setting ng inyong account.


Para sa Skype username at password, pumili ng username at password na madaling tandaan. Ibahagi ang inyong username sa mga miyembro ng club para handa silang tumanggap sa inyong tawag at kumonekta sa inyo.




Kapag naibigay na ninyo ang inyong Skype username, hingin sa mga miyembro ng club ang kanilang mga username. Madali ninyong maidagdag sila matapos mag-log on sa pamamagitan ng pag-click sa “Contacts” icon sa kanang bahagi sa ibaba, pagkatapos sa “Add Contact” sa kanang bahagi sa itaas.


# HAKBANG 4

## Pag-set Up ng Grupo





Para umpisahan ang isang group chat, kailangang gumawa kayo ng grupo. Ang grupo na ito ay pwedeng gamitin para **'mga conference call'** sa pagitan ng maramihang user (halimbawa: inyong mga miyembro ng club).

Mag-click sa isa sa mga user na gusto ninyong idagdag sa inyong grupo mula sa talaan ng kontak sa kaliwa ng Skype window. Pagkatapos, piliin ang **"Add people"** (Magdagdag ng tao), na makikita sa kanang bahagi sa itaas.




Piliin ang mga kontak na gusto ninyong idagdag mula sa talaan ng kontak sa kaliwa, at i-click ang **'Select'** (Piliin).





Ang mga user na napili ay makikita sa box ng **"People in this group"** (Mga taong kasama sa pangkat na ito) sa kanan ng screen. Kapag naidagdag niyo ang lahat ng miyembro, i-click ang 'Add' (Idagdag) para matapos.


Sr

HAKBANG 4

# Pag-save sa Grupo sa Talaan ng Kontak




Mag-click sa icon na **"Save group in Contacts"** (I-save ang grupo sa Mga Kontak) sa group chat window.




Maglagay ng pangalan para sa grupo at mag-click sa **'OK'**.

Idadagdag ang bagong grupo sa talaan ng kontak at ang pangalan ng grupo sa kaliwa ng screen ay i-a-update rin.


Sr

# HAKBANG 5

## Piliin ang Inyong Uri ng Tawag

Matapos gawin ang inyong talaan ng kontak, magiging handa na kayo para sa inyong unang pagtawag sa Skype.

Piliin ang miyembro ng club o ang bagong nagawang grupo para tumawag sa pamamagitan ng pag-click sa pangalan ng miyembro/grupo.




Pagkatapos, makikita ninyo ang serye ng mga button para makapagpasya kung aling uri ng pagtawag ang gagawin ninyo. Pwede kayong pumili sa pagitan ng:

**Mga video call:** Mag-click sa video button kung gusto ninyong makipag-usap nang face- to-face.

**Mga tawag sa telepono:** Mag-click sa button ng telepono kung gusto ninyong tumawag nang hindi gumagamit ng webcam.


Kapag malakas ang koneksyon, magkakaroon kayo ng full screen para sa litrato ng ibang mga miyembro at isang maliit na kwadrado para sa inyong sarili sa kanang bahagi sa ibaba.

**Konektado na kayo. Ngayon, mag-usap kayo basta't gusto ninyong dalawa!**

# Sr HAKBANG 6


## Tapusin ang Tawag

Kapag tapos na kayo sa pagtawag, pindutin lamang ang pulang icon ng handset para tapusin ang pakikipag-usap at isara ang program.



# MGA TIP AT TRICK SA SKYPE

## Pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa Skype




- **A** **Profile:** mag-access at isapersonal ang inyong Settings
- **B** **Marami pa:** mag-access sa inyong settings, tulong at feedback o mag-sign out sa Skype
- **C** **Mga Chat:** hanapin nang mabilis ang inyong mga chat at ang mga paborito
- **D** **Mga Tawag:** tumawag nang one-to-one o pang-grupo
- **E** **Mga Kontak:** hanapin ang inyong mga kontak, tingnan kung sino ang active o imbitahin ang mga tao sa Skype
- **F** **Mga Abiso:** i-set up para maaabisuhan kayo tungkol sa nakaligtaang mga chat (mag-click sa Profile, Settings, Mga Abiso
- **G** **Makipagpulong Ngayon:** agad na i-set up ang espasyo ng pagtutulungan kasama ang  mga kaibigan at pamilya, kahit na wala sila sa Skype
- **H** **Bagong Chat:** simulan ang isang one-to-one, grupo o pribadong pag-uusap
- **I** **Uri-uriin ang mga Chat:** uri-uriin ang inyong mga chat batay sa oras na naipadala o hindi nabasa na mga mensahe

**Mga Sanggunian**

https://support.Skype.com/en/faq/FA11098/how-do-i-get-started-with-Skype
https://www.Skype-lab.com/en/guide/chat/group-im.html